Ngayon, makaaabot ba sa kamalayan ng mga mambabasa ng kasalukuyang henerasyon ang nobelang ito ni Pineda? Sa panahon ngayon, walang ipinagkaiba ang larawan ng kalagayan ng bayan sa panahong tinatanaw ng nobela, ng nagdaang konteksto nito, at maging ng lahat ng taong nililingon ng mga mambabasa nito ngayon. Naaalalayan din ang bagong pagkakalimbag dito ng panimulang isinulat ni Soledad Reyes na masinsing inilalatag ang bawat konteksto ng nobela, ng manunulat, at ng mambabasa. Sa huling bahagi ng aklat, naglaan din ng mga tanong bilang gabay sa pag-unawa na maaaring dalhin sa loob ng klase na mapagmumulan ng iba pang pangkat ng mambabasang magbibigay-halaga sa nobelang ito ni Pineda.

Kristine V. Romero
Kagawaran ng Filipino
Ateneo de Manila University
kromero@ateneo.edu

Macario Pineda. *Isang Milyong Piso*. With an Introduction by Soledad S. Reyes. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2012. 268 pages.

Unang nailathala ang nobelang ito ni Macario Pineda sa *Liwayway* noong 1950. Tampok sa nobela ang pangunahing tauhang si Jose de la Kurus, isang gerilyang nagligtas sa Amerikanong si George Smith sa kasagsagan ng digmaan. Sa pagnanais na tumanaw ng utang na loob, tinanong ng Amerikano kung ano ang gustong kapalit ni Jose. Pabiro itong tumugon na ang nais niya'y isang milyong piso. Inakala ni Jose na hindi naman ito matutupad ng Amerikano na bagaman nagmamay-ari ng lupain sa Texas, hindi naman maituturing na mayaman noon.

Sa pagbabalik ni Jose sa kanyang bayan, bitbit niya ang mapapait na alaala ng katatapos na digmaan. Idagdag pa ang katotohanang labis na napinsala ang isa niyang bisig. Naging malaking dagok din ang nadatnan niyang balita na siya pala'y inulila na ng kanyang ina at kalauna'y nakadagdag pa ang napipintong pagkawala sa kanya ng kasintahang si Selya dahil sa isang mayaman at makapangyarihang mangingibig.

Sa kawalan ng pag-asa, natuto siyang kumapit sa patalim. Sumama si Jose sa ilegal na gawain ng kanyang mga pinsan. Natuto siyang pumatay at ipagwalang-bahala ang sariling buhay.

Isang araw, matapos sunduin ng isang sarhentong Amerikano at dalawang pulis, pansamantalang nawala si Jose. Ayon sa iniwan niyang liham sa katipang si Selya, may mahalaga siyang tungkuling dapat gampanan (191), isang personal na misyong magreresulta sa pagbabagong-loob ng mga taong humamak sa kanyang pagkatao.

Kahit na mahigit na kalahating siglo na ang lumipas mula nang unang mailathala ang nobelang ito, karapat-dapat pa ring pahalagahan ang obrang ito ni Pineda. Dahil sa angking husay sa paglalarawang tauhan, pinatunayan ng may-akda na hindi siya nakabaon sa natatanging sistema ng paglikha ng mga tauhang tipo. Sa kabila ng pangkaraniwan at madaling maipintang imahe ni Jose sa simula ng nobela—isang sugatang gerilyang nagbabalik sa kanyang bayan—nagawa pa rin nitong pag-isipin ang mambabasa sa mga tila magkakataliwas na mga susunod na tagpo. Sinikap ng bawat kabanata na maipakita ang unti-unting pagkahubog ng pagkatao ni Jose. Inilagay siya sa mga sitwasyong magbubunyag sa ilan niyang panloob na katangiang ni sa hinagap ay hindi magagagap sa mga nauna nang paglalarawan sa kanya.

Tema rin ng nobela ang pag-ibig, na hindi na dapat ipagtaka dahil isa ito sa hinahanap ng mga mambabasa ng magasing komersiyal. Bagaman sa unang tingin ay tila kaparis lamang ito ng tradisyunal na mga tagpo at siklo ng pag-iibigan, hindi maitatangging dito isinandig ni Pineda ang mahahalagang desisyon at pangyayaring nakaapekto hindi lamang sa personal, kundi sa panlipunang aspekto ng mga tauhan sa nobela. Habang patuloy na "sinisira" ni Jose ang kanyang sarili dala ng labis na paghihimagsik ng kalooban sa inaakalang pagtataksil ng kasintahan, tila unti-unti namang naisisiwalat sa mambabasa ang naiibang katangian ni Selya bilang pangunahing tauhang babae sa nobela. Bukod sa katatagan sa gitna ng mga pagsubok sa kanilang pag-iibigan, naipamalas din niya ang kakayahan sa pagdedesisyon nang siya mismo ang magtungo kay Don Martin Angeles at tawaran ang sakahan nito gamit ang halagang isinambulat ni Jose sa kanyang paanan (129).

Litaw na litaw ang pagtatalaban ng personal at iba't ibang puwersang panlipunan sa *Isang Milyong Piso*. Bukod sa pagtatampok ng buhay sa lalawigan at pagpapahalaga sa pamilya at kabayanihan, hindi rin nakaligtaan ng nobela ang negatibong puwersang namamayani sa lipunan. Nariyan ang pangungunsinti at pagmamalaki pa ni Mang Boyong sa pagnanakaw ng tatlong anak, si Major Alfredo Lozano na nagawang magpanggap at magpapalit-palit ng pangalan upang makapanloko ng kapwa, at maging si Mang Pedro na ama ni Selya na nasilaw sa kapangyarihan at salapi ng mayamang manliligaw ng anak.

Makikita rin, halimbawa, ang mahigpit na pagkaugnay nito sa mga kaisipan at ideoyolohiyang nauna nang nabasa sa mga pahina ng nobela ni Rizal. Sa introduksiyong isinulat ni Soledad Reyes para sa nobela, nakasaad na "Ang Kaban ni Simoun" ang orihinal na pamagat nito subalit pinalitan ng patnugutan ng magasin at inilathala nang dugtungan. Espesipikong tinukoy sa *Isang Milyong Piso* (226–27) ang huling bahagi ng huling kabanata ng *El Filibusterismo*—ang tagpong itinapon ni Padre Florentino sa dagat ang kayamanang iniwan ni Simoun. Hindi mapapasubalian na naging daan ang isang milyong pisong ipinagkaloob ni George Smith kay Jose upang muling "iahon sa sinapupunan ng mga alon" ang "kaban ni

Simoun" at ipamahagi ito sa mga tunay na nangangailangan—ang mga Pilipinong sumama sa pakikipaglaban para sa bayan at sa kanilang mga naulila.

Bagaman may tila "pilit" o minadali ng mga tagpo gaya na lamang ng naging pagwawakas nito, higit pa ring nangingibabaw ang mga positibong katangian ng akda. Mapapansin ang husay at bisa ng paggamit ng wika ni Pineda. Mula sa tila matulain at nakapagpapalipad ng guniguning mga pahayag—"pakikipagsugal sa kamatayan" (135); "nagsisilbing kalasag sa puso ng dalaga" (142)—matagumpay ring naipakita sa pamamagitan ng mga diyalogo ng mga tauhan na sila ay kapani-paniwalang produkto ng isang partikular na panahon o sitwasyon: "Hina-*hunting* daw tayo ng *Big & Gang*, tsip. Tetepokin daw tayo sa sandaling tayo'y matagpuan ng pangkat na iyon?"(133). Idagdag pa ang mala-salawikaing pahayag sa bawat pagsisimula ng kabanata na tila pagbubuod na sa kabuuang nilalaman nito. Kahanga-hanga rin ang disiplina at ingat ni Pineda sa paglilipat-lipat ng pananaw o punto de bista na nakatulong upang hindi kainipan ang bawat tagpo.

Dahil sa mga nabanggit, masasabing mahalagang hakbang para sa Panitikang Filipino ang paglilimbag ng nobelang ito ni Pineda. Malaking tulong sa mga kabataang mag-aaral o mambabasa ang introduksyong binuo ni Reyes kung saan nabanggit din niya ang halaga ng nobela sa kasalukuyang panahon, hindi lamang sa panitikan kundi sa kultura at lipunan (xxiii). Idagdag pa ang *gabay sa pag-aaral* na matatagpuan sa huling bahagi ng aklat na higit na magpapalawig sa pag-unawa o maging sa talakayan kung pagpapasyahan itong gamiting bahagi ng leksyon sa silid-aralan.

Claudette M. Ulit
Kagawaran ng Filipino
Ateneo de Manila University
culit@ateneo.edu

Rosario Cruz-Lucero. *La India*, *or the Island of the Disappeared*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2012. 156 pages.

The sense of searching for something missing—an explanation, a background, or a person, whether in history or myth—is strong in this collection of stories. Familiar tales, legends, and historical scenes are re-woven to expose the threads that may have been forgotten, ignored, or rarely touched; hence, the book is aptly titled *La India, or Island of the Disappeared*.

The stories are interrelated and are set in the island of Negros. All contribute meanings to the "map" of Negros, which Diego Lope Povedano allegedly once drew